

# James Cary Smith
# Programa ng Grant sa Komunidad

Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area

*Mga Panuntunan ng Gawad*

Agosto 2021

Bay Area
Air Quality
Management
District

## Pahayag ng Layunin ng BAAQMD

*Sadya ng Air District na maglikha ng malusog ng kapaligiran sa paghinga ng lahat ng mga nakatira sa Bay Area, habang iniingatan at pinapahusay ang kalusugan ng madla, kalusayan ng hanggin, at ng climate [kapanahunan] ng daigdig.*

## Background

Ang Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith ay ipinangalan kay Jim Smith, ang dating Community Outreach Manager ng Air District na naglunsad sa kauna-unahang programa ng grant sa komunidad noong 2009. Pumanaw si G. Smith noong 2015 dahil sa ALS, at isinasakatuparan ng programang ito ang layunin niyang magkaroon ng komunidad na mas may kakayahang makibahagi.

## Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa programa ng grant o proseso ng aplikasyon, ang pangunahing makakaugnayan para sa Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith ay si:

Aneesh Rana, Staff Specialist II
communitygrants@baaqmd.gov

*Na-translate [nasalin] ang papeles na ito mula sa Ingles. Habang ginamit ang professional na paglingkod sa pag-translate at nagsisikap nang makatwiran upang magkaloob ng mga tamang pag-translate, maaaring may mga maling bahagi. Ang tiyak na legal na may-kapangyarihang kasulatan ay ang kasulatan sa Ingles ng papeles na ito. Paki-makiugnay sa tauhan ng communitygrants@baaqmd.gov kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa papeles.*

**!** ***Paki-basahin nang maingat ang papeles na ito bago ganapin ang pag-apply. Tatanggihan ang mga hindi ganap na pag-apply. Inilalaan ng Air District ang karapatang baguhin ang paghiling na ito nang sariling pagpasya.***

# TALAAN NG NILALAMAN

1. LAYUNIN NG GAWAD .......................................... 4
2. MAHAHALAGANG PETSA .................................... 5
3. SINO ANG MAAARING MAG-APPLY? .................. 6
4. MGA HALAGA AT TAGAL NG GAWAD ................. 7
5. ANONG URI NG GAWAIN ANG MAAARING PONDOHAN? ......................................................... 8
6. PAANO MAG-APPLY PARA SA PAGPOPONDO .. 10
7. ISUMITE ANG INYONG APLIKASYON ................. 10
8. PAANO SUSURIIN ANG MGA PANUKALA? ...... 12
9. KUNG MAKATANGGAP KAYO NG GAWAD ....... 13
10. PAGPAPALIWANAG NG MGA SALITA, ACRONYM [MGA TITIK NA MAY-KAHULUGAN], AT MGA KATAWAGAN SA PANUNTUNAN NG GRANT NG JAMES CARY SMITH .......................................... 14

Appendix A ........................................................... 17
Checklist [mga bagay na pansinin] ....................... 17
Cover Sheet [panakip] ......................................... 18
Pag-Apply ng Grant .............................................. 20

Appendix B ........................................................... 25

# 1. LAYUNIN NG GAWAD

Ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) (“Air District”) ay nag-aalok ng mga grant sa mga organisasyon sa komunidad, samahan sa komunidad, at iba pang lokal na nonprofit sa komunidad para magawa ng komunidad na ganap na makibahagi sa mga pasyang nakakaapekto sa kanilang kapaligiran at kalusugan.

## Mga Hangarin ng Program ng Grant

Malinaw na tutulungan ng mga panukalang gawain ng project ang kakayahan ng komunidad na sumali sa isa o higit pa sa mga sumusunod: pagsisikap na bawasan ang pagdudumi ng hangin, pagsisikap na bawasan ang pagkalantad, at/o paraan ng patakaran ng Air District.

Dapat gamitin ang mga grant upang magplano at magtupad ng mga strategy [mahusay na paraan] na mag-aalaga ng tunay at makahulugan na pag-uugnayan, pagbibigay-kapangyarihan, at pagbubuo ng kakayahan ng komunidad sa masigasig na paglahok sa mga gawaing pagplano na magpapahusay ng kalusugan ng kapaligiran ng komunidad. Lalung-lalo na naghahanap ang Air District ng kabakas na samahang nakabatay sa komunidad sa Bay Area upang pataasin ng mga local na pagsisikap na magpapahusay ng kalusugan ng hangin at bawasan ang pagkalantad sa nagdudumi ng hangin.

Pagsisikapan ng mga nag-aapply sa grant na tukuyin kung papaano paglilingkuran ng kanila panukalang project ang mga komunidad na makasaysayang natatratong hindi mahalaga, kinukulang sa pagkukunan, mababa ang kita, hindi sapat ng tahanan, at Limited English Proficient [mahina ang Ingles], at/o nagpapasan ng hindi maayos ng bahagi ng nagdudumi sa kapaligiran.

# 2. MAHAHALAGANG PETSA

| MGA PETSA | PAGKILOS |
|---|---|
| Lunes, Agosto 23, 2021 | Magsimula ang paraan ng pag-apply sa grant |
| Martes, Agosto 31, 2021 | Mapipiling webinar pang-information |
| Huwebes, Setyembre 16, 2021 | Mga Tip [payo] at Trick [paraan] Nauuna sa Webinar ng Pag-Apply sa Grant |
| **Biyernes, Oktubre 1, 2021** ★ | **Taning sa pag-apply sa grant, hindi lalampas sa 5:00 PM Pacific Time** |
| Taglagas 2021 | Panahon ng Pagtasa at Pag-Review ng mga Pag-Apply ng Grant |
| Taglagas 2021 | Petsa ng Paggantimpala ng Grant |
| Taglamig 2021 | Pagmungkahi at pagtapos ng mga kasunduan sa grant |
| Enero 2022 – Disyembre 2022 | Magsasagawa ng mga tumaggap ng grant |
| Tag-init 2022 | Mga pagtasa para sa maaaring pagpapatuloy ng mga grant |
| Enero 2023 | Taning na mga panghuli ulat at kwenta |

## Mga Webinar ng Information

**Webinar ng Air District — Martes, Agosto 31, 10:00AM**

- Magtatanghal ang Air District ng webinar na pang-information sa Tuesday, August 31, 2021 sa 2:00 PM. Sa webinar, magkakaroon ng pagkakataon ang mga umaasang nag-apply na magtanong ukol sa program ng grant. Paki-regiser sa sumusunod ng link upang dumalo: https://tinyurl.com/JCSwebinar.

**Mga Tip at Trick Kapag Nag-Aapply sa mga Grant ng Pamahalaan — Huwebes, Setyembre 16, 10:00AM**

- Mag-aalay ang pangkat ng technical na pagtulong ng mga tip at trick sa mga umaasang nag-aaply na gustong matutuhan ang higit pa ukol sa mga paraan sa pag-apply sa grant. Paki-gamitin ang sumusunod na link upang sumali sa webinar: https://us02web.zoom.us/j/84137901611.

Ire-record at ipo-post sa website ng Air District ang parehong webinar. Ipo-post ang lahat ng tanong at sagot sa Portal para sa Procurement ng Air District. Puwedeng magbigay ng kasabay na pagsasalin ng wika kapag hiniling hindi bababa sa 72 oras bago ang bawat event. Tawagan ang (415) 796-6440 x 4 upang humiling ng mga interpreter sa Filipino.

# 3. SINO ANG MAAARING MAG-APPLY?

Kung mabibigyan ka ng grant, kakailanganin ng iyong organisasyon o piskal na sponsor na ipakitang awtorisado itong magnegosyo sa Estado ng California.

Pakitingnan ang Appendix B para sa mga karaniwang tuntunin at kundisyon ng Air District, kasama ang mga kinakailangan sa insurance.

Ang mga grupo sa komunidad at lokal na 501(c)(3) nonprofit na nasa hurisdiksyon ng Air District (Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at southern Sonoma) ay puwedeng mag apply sa Mga Grant sa Komunidad ni James Cary Smith, nang may ilang pagbubukod. Isasapriyoridad ang mga proyektong nagseserbisyo sa mga pinakaapektadong komunidad sa Bay Area. Kasama rito ang mga komunidad na naghihintay ng pagtatalaga sa ilalim ng Panukalang-batas ng Asembleya 617 (tingnan ang listahan sa ibaba), at proyekto sa mga komunidad na may pangkalahatang marka na 70 hanggang 100 sa CalEnviroScreen 4.0, na isang tool para sa pag-screen ng kalusugang nauugnay sa kapaligiran na nagpapakita ng pinagsama-samang epekto sa mga komunidad ng California ayon sa census tract.

TUpang matanaw ang interactive [nakikipag-ugnayan] na map ng mga komunidad sa Bay Area na may score [grado] ng 70 hanggang 100, paki-dalawin ang link na ito: https://arcg.is/1Cu5Sj.

Pakitandaang dahil sa mga kasalukuyang pagsisikap sa pagpapatupad sa ilalim ng Panukalang-batas ng Asembleya 617 (Assembly Bill 617, AB 617) sa West Oakland at Richmond North Richmond-San Pablo, hindi magiging kwalipikado para sa pagpopondo ng programang ito ng grant ang mga proyekto sa mga komunidad na iyon. Sa Bay Area, maraming komunidad na nakakaranas ng mataas na antas ng hindi malinis na hangin ang mga community of color na may mababang kita. Ang may diskriminasyong paggamit ng lupa at mga polisiya sa transportasyon ay kadalasang naglalagay sa mga komunidad na ito malapit sa mga malaking pinagmumulan ng polusyon sa hangin. Ang AB 617 ay isang batas ng California na nag-aatas sa mga lokal na distrito ng hangin na mas pagtuunan ang pagtugon sa malalaking pagkakaiba sa lokal na polusyon sa hangin. Para sa higit pang detalye tungkol sa AB 617 at proseso ng pagpili ng komunidad, tingnan ang https://www.baaqmd.gov/~/media/files/ab617-community-health/2019_0325_ab617onepager-pdf.pdf?la=en.

Kasama sa mga komunidad na naghihintay ng pagtatalaga sa ilalim ng AB 617 ang **East Oakland, San Leandro, Eastern San Francisco, Pittsburg-Bay Point, San Jose, Tri Valley, at Vallejo**. Magiging kwalipikado para sa pagpopondo ng grant ang mga proyekto sa mga komunidad na iyon, pati ang mga komunidad na may pangkalahatang marka na 70 hanggang 100 sa CalEnviroScreen 4.0.

**Checklist ng Pagiging-Dapat** (Upang mag-apply, dapat masasapat ninyo ang **kapwa** sumusunod na kinakailangang pampagiging-dapat.)

- ☐ Samahan na batay sa komunidad at/o local na 501(c)(3) nonprofit [sadyang hindi kumikita] na naroroon sa kapangyarihan ng Air District (Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, and southern Sonoma) **AT**
- ☐ **HINDI** gagawain ang panukalang project sa West Oakland at/o sa pook ng Richmond-North Richmond-San Pablo.

**Mga Samahang Uunahin** (Uunahin ang mga mga nakakasapat ng mga nauunang kinakailangang pampagiging-dapat AT **alinman** sa isa sa mga sumusunod ng mga kalagayan)

- ☐ Pinaglilingkuran ng panukalang project ang isa o higit pang komunidad na naghihintay ng pagkatalaga sa AB 617 (East Oakland, San Leandro, Eastern San Francisco, Pittsburg-Bay Point area, San Jose, the Tri-Valley, and Vallejo) **O**
- ☐ Nakabatay ang panukalang project sa isa o higit pang komunidad na may score ng 70 hanggang 100 sa CalEnviroScreen 4.0

# 4. MGA HALAGA AT TAGAL NG GAWAD



$750,000, sa kabuuan, ang available para sa Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith. Ang pinakamalaking halaga para sa isang indibidwal na grant ay $100,000 bawat taon. Humigit kumulang isang taon ang magiging termino ng grant, na may posibilidad na mapondohan nang hanggang tatlong taon, habang umuusad sa mga layunin ng grant at ginagamit ang mga available na pondo.

Inaasahang magsisimula sa Taglamig 2022 ang mga proyektong popondohan ng Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith. Dapat makumpleto bago mag-Disyembre 31, 2022 ang lahat ng gawaing nakabalangkas sa 2022 plano sa trabaho. **Tatasahin ng mga staff ng Air District ang mga grantee sa kalagitnaan ng taon bawat cycle ng pagpopondo para matukoy kung kwalipikadong ma-extend ang kanilang grant.**

# 5. ANONG URI NG GAWAIN ANG MAAARING PONDOHAN?

Nilalayon ng Air District na patatagin ang mga partnership sa mga organisasyon sa komunidad para mas maraming tagapagsulong sa Bay Area ang makakuha ng impormasyon at mga resource na kanilang kinakailangan para magawa nilang ganap na makibahagi sa mga programa at pasya ng Air District.

Sa pamamagitan ng Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith, mapapalawak at mapapatatag ng Air District ang network nito ng mga partner sa komunidad, at magagawa nitong makipagtulungan para mapahusay ang kakayahan ng mga miyembrong makipag-partner sa Air District para mapaganda ang lokal na kalidad ng hangin.

Popondohan ng mga grant na ito ang mga aktibidad na nagpapahusay sa kakayahan ng isang komunidad na makipag-partner sa Air District.

**Maaaring kabilang sa pinopondohang gawain ang isa o higit pa sa mga sumusunod:**

1. **Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Komunidad:** Saliksikin ang kailangan ng target na komunidad o mga komunidad ng proyekto para magawa nilang makibahagi sa mga talakayan tungkol sa mga alalahanin sa lokal na kalidad ng hangin at posibleng solusyon sa antas ng komunidad. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga residente at lider sa target na komunidad, matuto at mag-ulat tungkol sa mga uri ng mga estratehiyang makakatulong sa pagpapahusay ng pakikibahagi at pagpapalawak sa kaalaman ng komunidad tungkol sa kalidad ng hangin at pinakamahuhusay na kagawian.
2. **Pag-oorganisa sa Komunidad:** Magdisenyo at magpatupad ng mga estratehiya para maorganisa ang target na komunidad o mga komunidad kaugnay ng kalidad ng hangin at iba pang isyu sa katarungan sa kapaligiran. Maaaring kabilang dito ang pagpapaunlad ng pamumuno, pagpapakilos ng komunidad at pagtaguyod ng samahan.
3. **Tunay na Pakikibahagi:** Magdisenyo ng mga estratehiya para maipatupad ang anumang kumbinasyon ng mga sumusunod:
   - Magbigay sa mga komunidad ng mga resource at impormasyon para magawa nilang makibahagi, sa makabuluhang paraan, sa mga pasyang nakakaapekto sa lokal na kalusugang nauugnay sa kapaligiran.
   - Magplano ng mga aktibidad na tutulong sa mga komunidad na matuto tungkol sa mga isyu ng kanilang lokal na kalidad ng hangin, siyasatin ang mga punong dahilan ng polusyon sa hangin at ang epekto nito sa mga residente, at kilalanin ang mga ahensya na maaaring tumugon sa kanilang mga alalahanin.

- Magbigay ng pagsasanay sa adbokasiya, pagsasanay sa pamumuno, at/o pagsasanay sa pag-facilitate kung kinakailangan.
- Gumawa ng mga rekomendasyon sa mga staff ng Air District tungkol sa:
    - Mas mahusay na makipag-ugnayan at makipag-partner sa mga miyembro ng komunidad;
    - Sanayin ang mga miyembro ng komunidad sa mga programa ng Air District at pagpapasya; at/o
    - Magpatupad ng iba pang estratehiya para matulungan ang mga komunidad na makipagtulungan sa mga ahensya ng pamahalaan sa lokal, rehiyon, estado, at pederal.

**Gawain na <u>Hindi</u> Maaaring Pondohan**

- Halaga ng paghahanda o pagsumite ng aplikasyon para sa gawad
- Pagsisikap na matamo ang impluwensiya ng isang politiko o pampublikong opisyal (Lobbying)
- Pagbili ng mga air filter mask
- Pagbili ng mga air monitor
- Pagsasagawa ng mga proyekto sa pagsubaybay ng hangin at/o proyekto sa paggawa ng mga modelo ng polusyon sa hangin
- Paggawa ng mga pangkaalamang materyales na hindi nakatali sa mga pagtatasa sa mga pangangailangan ng komunidad, pagsisikap sa pag-oorganisa ng komunidad, o pagsisikap sa tunay na pagbabahagi gaya ng inilarawan sa itaas
- Mga kampanya para sa donasyon
- Mga aktibidad upang makalikom ng pondo
- Pangangalakal ng mga produkto o teknolohiya upang kumita

Ang anumang gawaing kukumpletuhin bago ang ganap na pagpapatupad ng kasunduan sa grant sa Air District ay hindi kwalipikado sa pagpopondo ng Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith.

# 6. PAANO MAG-APPLY PARA SA PAGPOPONDO

Para makapag-apply sa pagpopondo ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith, dapat sagutan ng mga aplikante ang lahat ng item na nakalista sa checklist na nasa Appendix A. Hindi susuriin ang isusumiteng impormasyon na wala sa checklist.

Mga Kahingian ng Aplikasyon:

- Magsisilbi ang Cover Sheet [panakip] ng James Cary Smith Community Grant Program ng Air District (Appendix A) bilang cover sheet/page ng pamagat sa pag-apply at dapat iharap sa Ingles.
- Ang pangalan ng aplikante/organisasyon ay dapat na nasa bawat pahina ng aplikasyon.
- Dapat na isumite ang mga aplikasyon sa file format na Adobe Acrobat PDF. Dapat i-save ang pangalan ng file ng PDF sa format na ito: Pangalan_Ng_Iyong_Organisasyon_Proposal.PDF

Para sa mga partikular na detalye tungkol sa dapat isama sa isang aplikasyon para sa grant, tingnan ang Appendix A.

# 7. ISUMITE ANG INYONG APLIKASYON

Dapat gumawa ng account ang mga interesadong aplikante sa pamamagitan ng Portal para sa Procurement (Bonfire) ng Air District, at dapat nilang gamitin ang link sa ibaba sa pagsusumite ng mga aplikasyon. **Hindi tatanggapin ang mga aplikasyon na nai-fax, iniliham, ini-email o ipinadala sa koreo.**

Sundin ang mga hakbang na ito para magamit ang Portal para sa Procurement (Bonfire) sa pagsusumite ng iyong aplikasyon:

- **Hakbang 1:** Pumunta sa Procurement Portal sa: https://baaqmd.bonfirehub.com
- **Hakbang 2:** (Para sa mga bagong user lang) Sa ilalim ng tab na Login (Mag-log In), gumawa ng Bonfire account sa ilalim ng 'New Vendor Registration (Pagpaparehistro ng Bagong Vendor).' Punan ang lahat ng puwang at piliin ang 'Create account.' Ipadadala ang isang Account Confirmation Email (Kumpirmasyon ng Account sa Email) sa email address na ibinigay ninyo. Sa sandaling matanggap, buksan ang email at sundin ang mga tagubilin para kumpirmahin ang inyong account.
- **Hakbang 3**: Bumalik sa Bonfire account at gumawa ng isang 'Vendor Record.' Sagutan ang lahat ng field at piliin ang 'Oo' para sa mga notification sa email para makatanggap ng mga paalala sa mga nalalapit na takdang petsa, o iba pang naaangkop na impormasyon kaugnay ng

Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith.

- **Hakbang 4:** Kapag nagawa na ang Bonfire account, magkakaroon ka na ng access sa opsyong Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith. Mada download mo rito ang mga tagubilin ng programang gawad, maa-upload ang inyong natapos na aplikasyon, at makikita ang mga FAQ (mga madalas itanong) na bubuuin at ipo-post sa panahon ng bukas na aplikasyon.
- **Hakbang 5:** Habang naka-log in ka sa Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith, piliin ang 'Prepare Submission (Ihanda ang Isusumite).' I-upload ang inyong dokumento (ang inyong buong aplikasyon). Sa sandaling maisumite, makatatanggap kayo ng resibo ng pagsusumite at code ng kumpirmasyon.

# 8. PAANO SUSURIIN ANG MGA PANUKALA?

Susuriin ang mga aplikasyon matapos ang takdang petsa ng pagsusumite. Susuriin ang mga karapat-dapat na proyekto at iraranggo alinsunod sa pamantayan ng pagbibigay ng puntos na inilalarawan sa ibaba.

| | Mga Kinakailangan | Mga Maaaring Point [panggrado] | Mga Saligan ng Pag-Score |
|---|---|---|---|
| ☐ | **Cover Sheet** | [kinakailangan subalit hindi tatasahin] | Dapat ganap ang Cover Sheet para sa Community Grant Program ng James Cary Smith at pinirmahan ng isang tao na may-tungkuling legal na italaga ang samahan. Dapat pirmahan ang mga pag-apply na gamit ang naka-type na pangalan. |
| ☐ | **Buod ng Project** | 30 | **Nasasapat ang mga hangarin ng program ng grant**: Malinaw na tutulungan ng mga panukalang gawain ng project ang kakayahan ng komunidad na sumali sa isa o higit pa sa mga sumusunod: pagsisikap na bawasan ang pagdudumi ng hangin, pagsisikap na bawasan ang pagkalantad, at/o paraan ng patakaran ng Air District. |
| ☐ | **Paglalarawan ng Komunidad** | 20 | **Maaaring talagang mabisang epekto sa komunidad:** Maglilingkod ang project sa napakitang pangangailangan ng komunidad. Halimbawa, kasalukuyang kulang ang pagsali ng komunidad sa mga pagpapasya, lalo na sa mga pagpasya na may epekto sa kahusayan ng hangin. |
| ☐ | **Mga Kabakas** | 20 | **Pagsusulong ng mga lider:** Susuportahan at isusulong ng proyekto ang mga lokal na lider, at bibigyan nito ang mga nasabing indibidwal ng mga kasanayan para mapalawak ang mga network ng mga lider ng komunidad. |
| ☐ | **Pagsukat ng Pagtagumpay** | 20 | **Pakinabang sa komunidad.** Maaabot ng project ang mga inaasitang group ng mga kasapi sa komunidad sa mga makahulugan na paraan at malilikha ng pagbatid na pangbuong komunidad at pagsali sa mga kalutasan upang bawasan ang local na pagdumi ng hangin. |
| ☐ | **Pamumuno** | 10 | **Napakitang pamumuno:** Napakita ng nag-apply na nakatupad o makakatupad sila ng papel ng pamumuno sa kanilang komunidad hingil sa katarungan sa kapaligiran o mga ibang pagkabahala ng komunidad. |
| ☐ | **Budget [nalaan ng gagastusin] ng Project** | [kinakailangan subalit hindi tatasahin] | • Magkaloob ng ganap na budget para sa panukalang project kabilang ang mga gastos para sa tauhan, mga bagay at panustos, na nakahiwalay ayon sa taon (kung tumutukoy).<br>• Paki-lista ang sinumang ibang magpopondo sa project na ito, kasama ang kanilang buong ambag (kabilang ang in-kind [mga bagay]) at tukuyiin kung na talaga, hawak na, pinangako, hiniling o hindi pa hiniling ito. Kung hindi pa natiyak ang pondong iyon, paki-magkaloob ng maigsing paglalarawan kung papaano ibabagay ang panukalang project kung papanustusan lamang ng mga pondo mula sa program ng grant na ito. |
| | **KABUUANG Posibleng Puntos:** | **100** | |

# 9. KUNG MAKATANGGAP KAYO NG GAWAD

Kung mabibigyan ka ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith, maghahanda ang mga staff ng Air District ng kasunduan sa grant na nagtatakda sa mga tuntunin at kundisyon ng grant, pati sa mga kinakailangan sa pag uulat. Pakitingnan ang Appendix B para sa mga karaniwang tuntunin at kundisyon ng Air District.

## Proseso ng Pagkakaloob

Iaanunsyo ng Air District ang mga mabibigyan ng grant sa Taglagas 2021. Aabisuhan ng Air District ang mga aplikante sa electronic na paraan kung napili ang kanilang mga proyekto para sa pagpopondo. Ang paunang pagpili sa pagpopondo ay kabibilangan lamang ng paunang pag-apruba. Gayunman, ang panghuling pag-apruba para sa pagpopondo ay magaganap lamang kapag nilagdaan na ang isang kasunduan sa gawad ng parehong ginawaran at ng Air District. Maghahanda ang kawani ng Air District ng mga kasunduan ng mga gawad na nagtatakda ng mga tuntunin at kondisyon ng bawat gawad. Legal na kinakailangan ng mga grantee na matugunan ang ilang partikular na kinakailangan, at abisuhan ang Air District tungkol sa anumang pagbabago sa pagpapatupad ng proyekto at pagsusumite ng mga ulat ng pag-usad at pinal na ulat. Kung hindi sumunod ang isang ginawaran sa lahat ng mga tuntunin at kondisyon ng isang kasunduan ng gawad o mabigong tapusin ang mga dapat na ipatupad (deliverable) ng proyekto, maaaring magbayad ang ginawaran ng bahagi o lahat ng iginawad na pagpopondo, at maaaring hindi na maging karapat-dapat na sumali ang ginawaran sa mga programang gawad ng Air District sa hinaharap. Kung magbibigay ang Air District ng halagang iba sa hinihiling na halaga, makikipagtulungan ang mga staff ng Air District sa grantee para maiayon ang mga deliverable, resulta, at timeline sa naaangkop na paraan.

Kapag naipatupad na ang kasunduan sa grant, puwede nang simulan ng grantee ang mga pinopondohang aktibidad. Kung magkaroon ng anumang pagbabago sa orihinal na napagkasunduang saklaw ng gawain, dapat makipag-ugnayan ang mga ginawaran sa Air District upang baguhin ang Plano ng Gawain ng Kasunduan sa Gawad.

## Pagbabayad ng Mga Pagpopondong Gawad

Gagawin ang iskedyul ng pagbabayad sa kasunduan ng gawad para sa bawat proyekto. Walang pagpopondo na ilalabas hanggang ganap na maisakatuparan ang kasunduan ng gawad ng ginawaran at ng Air District. Sa pangkalahatan, magaganap ang pagbabayad kada quarter. Ang bawat invoice ay may ulat dapat sa pag-usad (tingnan ang nasa ibaba) at katibayan ng paggasta sa pondo, pati ng mga kopya ng anumang resibo. Dapat ipakita ng panghuling ulat ang sapat na pagkompleto ng mga deliverable.

### Mga Ulat ng Progreso

Dapat magsumite ang mga ginawaran ng quarterly na ulat ng progreso at isang panghuling ulat. Dapat kabilang sa mga ulat ang mga resibo para sa anumang gastos at maigsing salaysay na naglalarawan ng progreso tungo sa mga layunin at tunguhin ng proyekto.

Ginagamit ang mga panghuling ulat upang pag-aralan ang epekto ng pamumuhunan ng Air District at makatulong sa paghubog ng mga programang gawad sa hinaharap. Gagamitin ang lahat ng ulat upang magbahagi ng impormasyon at itaguyod ang mga tagumpay sa mga ginawaran at sa mas malaking komunidad ng Bay Area.

Ibibigay ang mga format at kinakailangan sa ulat sa mga ginawaran kasama ng mga materyales na ipinagkaloob sa kanila.

## 10. PAGPAPALIWANAG NG MGA SALITA, ACRONYM [MGA TITIK NA MAY-KAHULUGAN], AT MGA KATAWAGAN SA PANUNTUNAN NG GRANT NG JAMES CARY SMITH

| | |
|---|---|
| **501(c)(3)** | Bahagi ng US Internal Revenue Code [katipunan ng batas] na pinapayagan ang pagbukod sa federal na buwis ang mga samahang nonprofit, lalo na iyon itinuturing na mga pangkawanggawa sa madla, privadong foundation [samahang nag-aambag ng pananalapi], privadong nagpapatakbo ng foundation. |
| **AB 617** | Kinakailangan ng Assembly Bill 617 sa California Air Resources Board (CARB) [lupon ng mapagkukunan para sa hangin] at mga air district na magbuo at magpatupad ng karagdagang pag-ulat, pagsubaybay, mga plan na pagbawas, at pagtasa ng mga binubuga bilang pagsisikap na bawasan ang pagkalantad sa nagdudumi sa hangin ang mga mahihirap na komunidad. https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/billNavClient.xhtml?bill_id=201720180AB617 |
| **BAAQMD** | Bay Area Air Quality Management District, na tinatawag na “Air District” sa lahat ng bahagi ng papeles na ito. |
| **Bonfire** | Ang Portal ng Procurement [pagtamo] ng Air District, na maaabot dito: https://baaqmd.bonfirehub.com |

| | |
|---|---|
| **CalEnviroScreen** | Kagamitan na pag-map na nakakatulong na kilalanin ang mga komunidad sa California na pinakanaeepektohan ng maraming pinanggagalingan ng nagdudumi at kung saan madalas na lalong tinatablan ang mga tao ng epekto ng nagdudumi. |
| **Pagbubuo ng Kakayahan** | Sa papeles na ito, linalarawan ang "pagbubuo ng kakayahan" bilang pagkilala ng mga kasapi ng komunidad, ibang mga samahang, mga agency na pangmadla at private, group na komunidad, activist, at mga civic na pinuno, at nagkakaloob sa kanila ng information at pag-aalalay upang paunlarin ang pagsali sa mga program na na-plan na pahusayin ang kalusugan sa kapaligiran at ibang pagkabahala sa komunidad. |
| **CARB** | California Air Resources Board. Alamin ang higit pa dito: http://ww2.arb.ca.gov/about |
| **Samahan na Nakabatay sa Komunidad** | Tinutukoy ng Community-based Organization o CBO ang mga nonprofit na nag-aayos at nagsasagawa para lumikha ng mga pagpapahusay sa kalusugan ng lipunan sa komunidad, kaigihan ng kalusugan, at pangkalahatang pagtatakbo. |
| **Group sa Komunidad** | Group ng mga tao na nagsasagawa para sa pakinabang ng madla. Maaaring sumunod ang mga group sa komunidad ng nakatakdang kaayusan at angkinin ang mga simulain at alintuntunin sa pagkilos. |
| **Katarungan sa Kapaligiran** *(kagaya ng pinaliwanag ng EPA)* | Ang makatwirang pagtatrato at makahulugang pagsali ng mga tao, kahit na anuman ang lahi, kulay, pinanggalingang bansa, o kita hinggil sa pagbuo, pagsagawa, at pagtupad ng mga batas, alituntunin, at patakaran ng kapaligiran. |
| **Makatwirang pagtatrato** *(kagaya ng pinaliwanag ng EPA)* | Nangangahulugan ang makatwirang pagtatrato na walang group ng mga tao ang makakadanas ng hindi patas na bahagi ng masamang kinalalabasan na nagmumula sa mga pagpapatakbo o patakaran ng pangangalakal, pamahalaan at pagnenegosyo. |
| **Grantees** | Mga nagantimpalaan ng grant ng James Cary Smith. |

| | |
|---|---|
| **Makahulugang pagsali** *(kagaya ng pinaliwanag ng EPA)* | • May pagkakataon ang mga tao na sumali sa mga pagpapasya ukol sa mga gawain na maaaring may-epekto sa kanilang kapaligiran at/o kalusugan.<br>• Maaaring maakit ng pagtulong ng madla ang mga pagpasya ng mga agency na nag-uutos.<br>• Pag-iisipan ang mga pagkabahala ng komunidad sa paraan ng pagpapasya.<br>• Maghahangad at padadaliin ng mga nagpapasya ang pagsali ng mga maaaring maepektohan. |
| **Pahayag ng Layunin** | Maigsing paglarawan ng panimulang pakay ng entity. Sinasagot ang tanong. "Bakit kami nandito?" |
| **Kapinsanan sa Kapitbahayan** | Group ng mga nakatira sa o may-ari ng pag-aari na nagtataguyod sa o nag-aayos ng mga gawain sa loob ng kapitbahayan. *(Wikipedia)* |
| **Tagapaglingkod ng Technical na Pagtulong** | Nakibakas ang InterEthnica sa Air District upang mag-alay ng technical na pagtulong sa mga nagantimpalaan ng grant. Maaabot ang InterEthnica upang tulungan ang mga nag-aapply sa grant sa mga technical na tanong ukol sa paraan ng pag-apply, subalit hindi maaaring sagutin ang mga tanong tungkol sa tiyak na bahagi ng mga panukala ng nag-aapply. |

Para sa karagdagang information sa mga katawagan at acronym ng Air District, paki-abutin ang sumusunod na link: https://www.baaqmd.gov/about-air-quality/glossary/glossary.

# APPENDIX A

## Checklist ng Pag-Apply

Dapat kasama sa mga Pag-apply:

☐ **Cover Sheet**

Dapat ganap ang Cover Sheet para sa Community Grant Program ng James Cary Smith at pinirmahan ng isang tao na may-tungkulin ng legal na italaga ang samahan. Dapat pirmahan ang mga pag-apply na gamit ang naka-type na pangalan. Habang hindi tatasahin ang cover sheet na ito, kinakailangan sa pag-apply na maganap ito. Paki-ganapin ang lahat ng bahagi na hindi tinatakan na mapipili upang tulungan ang Air District na malaman ang inyong samahan at maintidihan ang inyong panukalang plan ng project at mga layunin, at paghiling ng pondo.

☐ **Pagsalaysay ng Project**

1. **Buod ng Project**
2. **Paglalarawan ng Komunidad**
3. **Mga Kabakas**
4. **Pagsukat ng Pagtagumpay**
5. **Pamumuno**

☐ **Budget ng Project**

The budget will enable evaluators to better understand the scope and direction of the proposed project.

- Provide a full budget for the proposed project including costs for personnel, materials and supplies, broken out by year (if applicable).
- Please list any other funders for this project, including their total contribution (including in-kind), and indicate whether that contribution has been secured (in-hand), committed, requested or not yet requested. If that funding has not been or secured, please provide a brief description of how the proposed project can be adjusted if the project is only supported by funds from this grant program.

# Cover Sheet para sa Program ng Community Grant ng James Cary Smith

## I. NAG-AAPPLY

Pangalan ng Samahan: ____________________ Taon na Natayo: ____________

Uri: ☐ Samahan na Nakabatay sa Komunidad ☐ Group sa Kapitbahayan ☐ Ibang samahan na non-profit

Pahayag ng Layunin *(Mapipili)*:

Addresss ng Samahan:

____________________________________________

Lunsod: ____________________ Zip Code: __________ County: ____________

Website: ____________________________________________

Pangunahing taong makikiugnay: ____________________________________________

Phone Number: ____________________ Email: ____________________

## II. PANUKALANG PROJECT

Panukalang Pamagat ng Project: ____________________________________________

(Mga) Pang-geography na pook na tinutuon ng panukalang project.

____________________________________________

____________________________________________

Maigsing paglarawan ng panukalang project ng samahan ninyo (850 na titik o mas kaunti):

*Pansinin: Pinagkakaloob ang Cover Sheet at ang Form Pampag-Apply sa Filipino para lamang pagsangguni. Dapat ninyong ganapin sa Ingles ang salin sa Ingles ng Cover Sheet at Form Pampag-Apply upang isalang-alang ang pag-apply ninyo sa grant [gawad].*

Uri ng Program (pumili ng lahat na tutukoy sa mga taong 1-3):

☐ Pagtatasa ng mga pangangailangan ☐ Pagsasama-sama ng Komunidad ☐ Tunay na Pagsasali

Ilarawan kung papaano masasapat ng panukalang project ninyo ang mga layunin ng pinili ninyong uri o mga uri (850 na titik o mas kaunti):

| |
|---|
| |

Ilang taon ng pondo ang hinihiling: ______________________

Buong Pondo na Hinihiling sa Air District sa Taong 1: $ ______________________

Buong Pondo na Hinihiling sa Air District sa Taong 2: $ ______________________

Buong Pondo na Hinihiling sa Air District sa Taong 3: $ ______________________

***Ang tao na may-katungkulan na makilahok sa formal na kasunduan sa Air District***

Pinahihintulutan ko ang pagharap nitong pag-apply sa grant at pinatitibayan na ang lahat na information ay tunay at linalarawan nang tama ang saklaw ng project, mga gastos, panahon, at pag-aabot sa mga pondo.

Pirma: ______________________ Katungkulan: ______________________

*Pansinin: Pinagkakaloob ang Cover Sheet at ang Form Pampag-Apply sa Filipino para lamang pagsangguni. Dapat ninyong ganapin sa Ingles ang salin sa Ingles ng Cover Sheet at Form Pampag-Apply upang isalang-alang ang pag-apply ninyo sa grant [gawad].*

# Program ng Community Grant ng James Cary Smith

## Pagsalaysay ng Project

**1. Buod ng project** —Magkaloob ng malinaw at maigsing buod kung papaano mabubuo ng project ninyo ang kakayahan ng inaasintang komunidad, sa paglipas ng panahon na tatlong-taon, na makisali at manuno sa mga hinaharap ng pagsisikap upang bawasan ang pagdudumi ng hangin at pagkalantad. Magsama ng buod ng mga gawain na aalalayan ng panukalang project na ito sa taong 1, at sa mga taong 2-3, kung tumutukoy. *(Halimbawa, ilarawan kung papaano ninyo gaganapin ang pagtasa ng mga pangangailangan sa inaasintang komunidad, papaano ninyo gaganapin ang pagsasama-sama sa komunidad, at/o papaano ninyo hihimukin ang tunay na pagsali.)* (3,000 na titik o mas kaunti) ***(30 pts)***

*Pansinin: Pinagkakaloob ang Cover Sheet at ang Form Pampag-Apply sa Filipino para lamang pagsangguni. Dapat ninyong ganapin sa Ingles ang salin sa Ingles ng Cover Sheet at Form Pampag-Apply upang isalang-alang ang pag-apply ninyo sa grant [gawad].*

Pangalan ng aplikante/Organisasyon: ______________________________

**2. Paglarawan ng komunidad** — Magkaloob ng madetalyeng paglalarawan ng komunidad o mga komunidad na panukala ninyong abutin, makisangkot, at mapabatid sa pamamagitan ng mga pondo ng grant. Isama ang mga kinaroroonan, mga pangkalahatang hangganan, demography [pag-uuri ng katipunang tao], wika na madalas ginagamit, at anumang ibang information na, sa akala ninyo, makakatulong na ilarawan ang komunidad o mga komunidad. Ilarawan ang antas ng pagkasangkot o kamalayan ng kapangyarihan ng komunidad sa mga paraang pampagpasya ng pamahalaan. Ipabatid sa amin kung ang komunidad na pinaglilingkuran sa kasalukuyan ng samahan ninyo ay nakikisali sa mga pagpasya na may-epekto sa kanilang kapaligiran at/o kalusugan, o kung papaano natutulungan ng panukalang project na himukin ang pagsali.
(2,000 na titik o mas kaunti) ***(20 pts)***

*Pansinin: Pinagkakaloob ang Cover Sheet at ang Form Pampag-Apply sa Filipino para lamang pagsangguni. Dapat ninyong ganapin sa Ingles ang salin sa Ingles ng Cover Sheet at Form Pampag-Apply upang isalang-alang ang pag-apply ninyo sa grant [gawad].*

Pangalan ng aplikante/Organisasyon: ____________________

**3. Mga kabakas** —Magkaloob ng maigsing paglalarawan ng mga kasalukuyan o naka-plan ng kabakas sa anumang ibang mga samahan at namumuno na nakabatay sa komunidad, agency na pangmadla, o iba pang tutulong, na may-detalye kung ano ang pinagkakaloob nila sa panukalang project (pangalawang contract, pagtulong sa pag-uugnay, pagtulong sa pagsalin sa wika, etc.). (2,000 na titik o mas kaunti) ***(20 pts)***

*Pansinin: Pinagkakaloob ang Cover Sheet at ang Form Pampag-Apply sa Filipino para lamang pagsangguni. Dapat ninyong ganapin sa Ingles ang salin sa Ingles ng Cover Sheet at Form Pampag-Apply upang isalang-alang ang pag-apply ninyo sa grant [gawad].*

**4. Pagtasa ng pagtagumpay** —Malinaw na ipahayag ang mga metrics [pagtasa ng kahusayan] na gagamitin upang magtasa ng pagtagumpay. Ilarawan ang mga batayan na magpapasya kung naabot ng project ang mga layunin at hangarin sa taong 1, at sa taong 2-3, kung tumutukoy. Paki-ilarawan din ang tantyang bilang ng mga tao na sasali o makikinabang sa project sa bawat taon, at papaano sa pamamagitan ng pagtagumpay ng inyong program at mga gawain, na mahihimok ang higit pang komunidad na sumali. (2,000 na titik o mas kaunti) ***(20 pts)***

*Pansinin: Pinagkakaloob ang Cover Sheet at ang Form Pampag-Apply sa Filipino para lamang pagsangguni. Dapat ninyong ganapin sa Ingles ang salin sa Ingles ng Cover Sheet at Form Pampag-Apply upang isalang-alang ang pag-apply ninyo sa grant [gawad].*

**5. Pamumuno** —Paki-ibahagi kung papaano namuno ang samahan ninyo sa nakaraaang project, program, o pangyayari na nagsangkot ang mga kasapi sa komunidad at nagsagawa para sa mga pagkabahala ng komunidad sa kapaligiran o iba pa. Kilalanin ang mga layunin, kalutasan, at kalalabasan ng project, gayon din ang tanging information ukol sa geography at mga demography ng komunidad. (1,000 na titik o mas kaunti) ***(10 pts)***

*Pansinin: Pinagkakaloob ang Cover Sheet at ang Form Pampag-Apply sa Filipino para lamang pagsangguni. Dapat ninyong ganapin sa Ingles ang salin sa Ingles ng Cover Sheet at Form Pampag-Apply upang isalang-alang ang pag-apply ninyo sa grant [gawad].*

# APPENDIX B

**Standard Terms and Conditions**

**BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT**

**GRANT NO. [year].[number of contract]**

1. MGA PANIG - Ang mga panig sa Kasunduang ito ("Kasunduan") ay ang Bay Area Air Quality Management District ("DISTRICT") na nasa 375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105, at [name of organization] ("GRANTEE") na nasa [address, city, state, zip].
2. MGA RECITAL
   A. Ang DISTRICT ay ang lokal na ahensyang may pangunahing responsibilidad na pangasiwaan ang polusyon sa hangin na may stationary na pinagmumulan sa Bay Area Air Quality Management District sa Estado ng California. Awtorisado ang DISTRICT na pumasok sa Kasunduang ito sa ilalim ng Seksyon 40701 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

   B. Gustong bigyan ng grant ng DISTRICT ang GRANTEE para sa mga aktibidad na inilalarawan sa Attachment A, Plano sa Trabaho.

   C. Nagkaroon ang lahat ng panig sa Kasunduang ito ng pagkakataong ipasuri ang Kasunduan sa kanilang abugado.
3. TERMINO - Ang termino ng Kasunduang ito ay mula sa petsa ng pagpapatupad ng parehong PANIG hanggang sa [date], maliban na lang kung mae-extend ito ayon sa pagsusog sa Kasunduang ito sa pamamagitan ng pagsulat, o kung maaga itong mawawakasan.
4. PAGWAWAKAS
   A. May karapatan ang DISTRITO na wakasan ang Kasunduang ito sa sarili nitong pagpapasya anumang oras pagkalipas ng tatlumpung (30) araw na nakasulat na abiso sa GRANTEE. Isasaad ng abiso ng pagwawakas ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagwawakas, na hindi dapat bababa sa tatlumpung (30) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng paghahatid sa abiso ng pagwawakas, at dapat itong maihatid alinsunod sa mga probisyon ng seksyon 10 sa ibaba. Pagkatapos matanggap ang abiso ng pagwawakas, dapat nang ihinto ng GRANTEE ang lahat ng aktibidad sa ilalim ng Kasunduang ito, maliban sa mga aktibidad na nakasaad sa abiso ng pagwawakas. Sa loob ng apatnapung limang (45) araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na abiso, inaatasan ang GRANTEE na:

      i) Magsumite ng pinal na nakasulat na ulat na naglalarawan sa lahat ng gawaing nakumpleto ng GRANTEE;
      ii) Magsumite ng accounting ng lahat ng ginamit na pondo ng grant hanggang sa at kasama ang petsa ng pagwawakas; at,
      iii) I-reimburse ang DISTRICT para sa anumang hindi nagamit na pondo.

   B. Puwedeng wakasan ng DISTRICT ang Kasunduang ito at puwedeng hindi nito ibigay ang anumang bayad kung hindi magagawa ng GRANTEE ang mga hinihingi ng Kasunduang ito nang nasa oras at paraang nakasaad rito.

HALIMBAWA

5. WALANG NABUONG UGNAYAN SA AHENSYA / HIWALAY NA KAPASIDAD -Ang GRANTEE at ang mga ahente at empleyado ng GRANTEE, sa pagpapatupad ng Kasunduang ito, ay dapat kumilos sa hiwalay na kapasidad at hindi bilang mga opisyal o empleyado o ahente ng DISTRICT, at walang anumang nakapaloob dito ang dapat ipakahulugan bilang hindi naaayon sa ugnayan o status na iyon. Walang karapatan ang DISTRICT na idirekta o kontrolin ang mga aktibidad ng GRANTEE sa pagsasagawa sa mga serbisyong nakapaloob dito.
6. MGA CONTRACTOR / SUBCONTRACTOR / SUBGRANTEE
   A. Papayagan ang GRANTEE na gumamit ng sariling staff, at katanggap-tanggap dapat sa GRANTEE at DISTRICT ang mga nasabing contractor, subcontractor, at subgrantee. Dapat katanggap-tanggap sa mga panig ang anumang pagbabago sa mga contractor, subcontractor, o subgrantee. Pagkatapos mawakasan ang anumang kontrata, subcontract, o subgrant, dapat abisuhan ng GRANTEE ang DISTRITO.
   B. Walang anumang nakapaloob sa Kasunduang ito ang gagawa ng anumang kontrata sa pagitan ng DISTRICT at anumang contractor, subcontractor, o subgrantee ng GRANTEE, at walang anumang kasunduan sa mga contractor, subcontractor, o subgrantee ang makakapag-alis sa GRANTEE ng kanyang mga responsibilidad ng obligasyon. Sumasang ayon ang GRANTEE na ganap na maging responsable sa DISTRICT para sa mga pagkilos at omisyon ng mga contractor, subcontractor, at subgrantee nito, at sa mga taong direkta o hindi direktang nagtatrabaho sa alinman sa mga ito dahil para ito sa mga pagkilos at omisyon ng mga taong direktang nagtatrabaho sa GRANTEE. Ang obligasyon ng GRANTEE na bayaran ang mga contractor, subcontractor, at subgrantee nito ay hiwalay na obligasyon mula sa obligasyon ng DISTRICT na magbayad sa GRANTEE. Dahil dito, walang obligasyon ang DISTRICT na bayaran ang anumang pera sa anumang contractor, subcontractor, o subgrantee.
7. PAG-AALIS NG PANANAGUTAN - Sumasang-ayon ang GRANTEE na alisan ng responsibilidad, depensahan, at hindi papanagutin ang DISTRICT, mga opisyal, empleyado, ahente, kinatawan, at successor-in-interest nito mula sa anuman at lahat ng pananagutan, demand, claim, gastusin, pagkalugi, pinsala, recovery, pagbabayad, at gastusin (pati sa anumang makatuwirang bayarin sa abugado) na puwedeng makuha o kailanganing bayaran ng DISTRICT, mga opisyal, empleyado, ahente, kinatawan, at successor-in-interest nito dahil sa pagkamatay o pagtamo ng pinsala ng sinumang tao o mga tao (kasama ang mga empleyado ng GRANTEE), o mula sa pagkakasira ng o pinsala sa anumang property o mga property, na sanhi ng o nauugnay sa pagpapatupad sa Kasunduang ito ng GRANTEE, mga empleyado, subcontractor, subgrantee, o ahente nito.
8. PAGBABAYAD
   A. Sumasang-ayon ang DISTRICT na bigyan ang GRANTEE ng grant na nagkakahalaga ng $[amount] para sa mga aktibidad na inilarawan sa Attachment A, Plano sa Trabaho. Ibibigay ang grant na ito sa limang (5) installment, gaya ng sumusunod:
      i) $[amount] sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos ipatupad ang Kasunduang ito;
      ii) $[amount] sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos matanggap at maaprubahan ng DISTRICT ang unang Quarterly na Ulat ng GRANTEE;

HALIMBAWA

iii) $[amount] sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos matanggap at maaprubahan ng DISTRICT ang pangalawang Quarterly na Ulat ng GRANTEE;

iv) $[amount] sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos matanggap at maaprubahan ng DISTRICT ang pangatlong Quarterly na Ulat ng GRANTEE; at

v) $[amount] pagkatapos matanggap ng DISTRICT ang pinal na ulit.

B. Isasagawa ng GRANTEE ang gawaing inilalarawan sa Plano sa Trabaho, at hihingi ito ng nakasulat na pag-apruba sa DISTRICT para sa anumang pagbabago sa Plano sa Trabaho bago gawin o gastusan ang binagong trabaho. Kung hindi makakahingi ng paunang nakasulat na pag-apruba ang GRANTEE, magagawa ng DISTRICT, sa sarili nitong pagpapasya, na tumangging bayaran ang nasabing gawain o mga gastusin.

C. Sa GRANTEE lang ibibigay ang bayad.

9. AWTORISADONG KINATAWAN - Patuloy na magpapanatili ang GRANTEE ng kinatawang may signatory authority na awtorisadong makipagtulungan sa DISTRICT sa lahat ng isyung nauugnay sa grant. Dapat ipaalam ng GRANTEE sa DISTRICT, sa lahat ng pagkakataon, ang pagkakakilanlan ng awtorisadong kinatawan.

10. MGA ABISO - Ang lahat ng abisong kinakailangan sa ilalim ng Kasunduang ito ay ibibigay sa paraang nakasaad rito, maliban na lang kung iba ang sinabi. Ibibigay ang abiso sa isang panig nang nakapangalan sa taong nakalista sa ibaba, o sa iba pang tao o mga taong puwedeng italaga ng panig na iyon sa ibang pagkakataon sa pamamagitan ng pagsulat. Matatanggap sa liham ang abiso na ipapadala sa pamamagitan ng e-mail, facsimile, o regular na first class na koreo. Kung sakaling magkaroon ng mga komunikasyon sa e-mail at facsimile, ang may bisang abiso ay ituturing na na-deliver kapag naipadala, kung kumuha ang nagpadala ng electronic na kumpirmasyon ng pag-deliver. Ituturing na natanggap ang mga komunikasyon sa e-mail at facsimile sa petsa ng nasabing pag-transmit, kung ang nasabing petsa ay isang araw ng negosyo at na-deliver ito bago ang 4:00 p.m. Pacific Time. Kung hindi, ituturing ang pagtanggap ng mga komunikasyon sa e-mail at facsimile sa susunod na araw ng negosyo. Sa sitwasyon ng abiso sa regular na koreo, ituturing na na-deliver ang abiso sa araw ng pagpapadala at natanggap limang (5) araw ng negosyo mula sa petsa ng pagpapadala.

DISTRITO: Bay Area Air Quality Management District<br>375 Beale Street, Suite 600<br>San Francisco, CA 94105<br>Attn: [name]

GRANTEE: [organization name]<br>[street address]<br>[city, state, zip]<br>Attn: [organization contact]

11. MGA KARAGDAGANG PROBISYON - Ang lahat ng (mga) attachment sa Kasunduang ito ay tuwirang isinasama rito sa pamamagitan ng sanggunian na ito at ginawang bahagi nito na ganap ipinapatupad.

12. MGA PAGKILALA - Dapat kilalanin ng GRANTEE ang suporta ng DISTRITO sa tuwing ang mga napondohang aktibidad, nang buo o nang parsyal, sa pamamagitan ng

HALIMBAWA

Kasunduang ito, ay naisapubliko sa anumang news media, brochure, o iba pang uri ng pampromosyong materyal. Dapat isaad ng pagkilala ng suporta ng DISTRITO na "Pinopondohan sa pamamagitan ng Grant mula sa Bay Area Air Quality Management District." Hindi dapat gamitin ang mga insyal o pagdadaglat para sa DISTRITO.

13. PAG-ADVERTISE / PAMPUBLIKONG EDUKASYON - Dapat magsumite ang GRANTEE ng mga kopya ng lahat ng draft ng pampublikong edukasyon o materyal sa pag-advertise sa DISTRITO para sa pagsusuri at pag-apruba bago ang paggamit ng GRANTEE ng mga nasabing materyal.

14. SISTEMA NG PINANSYAL NA PAMAMAHALA

A. Ang GRANTEE ay dapat maging responsable para sa pagpapanatili ng sapat na sistema ng pinansyal na pamamahala at dapat nitong abisuhan kaagad ang DISTRITO kapag hindi makakasunod ang GRANTEE sa mga ipinag-aatas ng seksyong ito.

B. Ang sistema sa pinansyal na pamamahal ng GRANTEE ay dapat magbigay-daan para sa:

i) Pinansyal na pag-uulat: tumpak, kasalukuyan, at kumpletong pagbubunyag ng mga pinasyal na resulta ng bawat grant bilang pagsunod sa mga pangkalahatang tinatanggap na prinsipyo ng accounting, at pag-uulat sa isang format na sumusunod sa mga ipinag-aatas sa pinansyal na pag-uulat ng grant.

ii) Mga talaan sa accounting: mga talaang sapat na tumutukoy sa pinagmumulan at paggagamitan ng mga pondo para sa mga aktibidad na sinusuportahan ng DISTRITO. Ang mga talaang ito ay dapat may impormasyong tumutukoy sa mga pagbibigay at pagpapahintulot ng grant, obligasyon, unobligated na balanse, asset, pananagutan, outlay o gastos, at kita.

iii) Internal na kontrol: epektibong internal na kontrol at kontrol sa accounting sa lahat ng pondo, pag-aari, at iba pang asset. Dapat ay sapat na pangalagaan ng GRANTEE ang lahat ng nasabing asset at dapat niyang tiyakin na ginagamit lang ang mga ito para sa mga awtorisadong layunin.

iv) Pagkontrol sa badyet: paghahambing ng mga aktuwal na gastos o outlay sa mga nakabadyet na halaga para sa bawat grant.

v) Pinapayagang gastos: mga pamamaraan para sa pagtukoy ng reasonableness, allowability, at allocability ng mga gastos na pangkalahatang naaayon sa mga probisyon ng mga pederal at pang-estadong ipinag-aatas.

vi) Dokumentasyon ng pinagmulan: mga talaan sa accounting na sinusuportahan ng dokumentasyon ng pinagmulan.

vii) Pamamahala ng cash: mga pamamaraan para mapabilis ang lumipas na oras sa pagitan ng pag-advance ng mga pondo mula sa DISTRITO at pag-disburse ng GRANTEE, kapag na-advance ng DISTRITO ang mga pondo.

C. Puwedeng suriin ng DISTRITO ang kasapatan ng sistema sa pinansyal na pamamahala ng GRANTEE anumang oras kasunod ng pagbibigay sa grant. Kung mapagpapasyahan ng DISTRITO na hindi natutugunan ng sistema sa accounting ng GRANTEE ang mga pamantayang inilalarawan sa talata B sa itaas, posibleng mangailangan ang DISTRITO ng karagdagang impormasyon para masubaybayan ang grant kapag sumulat ito sa GRANTEE, hanggang sa matugunan ng sistema ang pag-apruba ng DISTRITO.

HALIMBAWA

15. ACCESS SA PAG-AUDIT / MGA TALAAN - Sumasang-ayon ang GRANTEE na may karapatan ang DISTRITO na suriin at kopyahin ang mga talaan at pansuportang dokumentasyon na tumutukoy sa pagsasagawa ng Kasunduang ito. Sumasang-ayon ang GRANTEE na panatilhin ang mga nasabing talaan para sa posibleng pag-audit sa loob ng minimum na tatlong (3) taon pagkatapos ng pinal na pagbabayad, maliban na lang kung may napagkasunduang mas mahabang panahon ng pagpapanatili ng mga talaan, o kapag nakumpleto ang anumang pagkilos at puwede nang magkaroon ng resolusyon ng lahat ng isyu bilang resulta ng anumang litigasyon, dispute, o pag-audit, alinman ang huling mangyari. Sumasang-ayon ang GRANTEE na payagan ang (mga) nakatalagang kinatawan na ma-access ang mga nasabing talaan sa mga normal na oras ng negosyo at payagan ang mga panayam ng sinumang empleyado na posibleng makatuwirang may impormasyon na nauugnay sa mga nasabing talaan. Bukod pa rito, sumasang-ayon ang GRANTEE na magsama ng katulad na karapatan ng DISTRICT na mag audit ng mga talaan at kapanayamin ang staff sa anumang kontrata, subcontract, o subgrant na nauugnay sa pagtupad sa Kasunduang ito.
16. PAGBAWI NG MGA PONDO NG GRANT / PAGBABAYAD NG MGA PONDO NA HINDI WASTONG NAGASTOS - Kung hindi nagastos ang mga pondo ng grant, o hindi pa nagagastos, alinsunod sa Kasunduang ito, o kung hindi nagagamit ang isang real o personal na pag-aaring nakuha gamit ang mga pondo ng grant, o matagal nang hindi nagamit, para sa mga layunin ng grant alinsunod sa Kasunduang ito, sa sariling pagpapasya ng DISTRITO, puwede itong magsagawa ng naaangkop na pagkilos alinsunod sa Kasunduang ito, sa pamamagitan ng batas o ayon sa pagiging patas, kasama ang pag-aatas sa GRANTEE na bawii ang hindi nagamit ng porsyon ng mga pondo ng grant at/o bayaran ang DISTRITO para sa anumang pondo na hindi wastong nagastos.
17. PAGSUNOD - dapat ganap na sumunod ang GRANTEE sa lahat ng naaangkop na pederal, pang-estado, at lokal na batas, ordinansa, regulasyon, at permit. Dapat magbigay ang GRANTEE ng patunay, na kapag hiniling, ay naisagawa ang lahat ng lokal, pang-estado, at/o pederal na permit, lisensya, rehistro, at pag-apruba para sa mga layunin ng pagpapalaki ng mga pondo sa grant. Dapat panatilihin ng GRANTEE ang pagsunod sa mga nasabing ipinag-aatas sa buong panahon ng grant na ito. Dapat tiyakin ng GRANTEE na natutugunan ang mga ipinag-aatas ng California Environmental Quality Act para sa anumang pag-apruba o iba pang ipinag-aatas na kinakailangan para ipatupad ang mga tuntunn ng Kasunduang ito. Ang anumang pagtaliwas sa mga ipinag-aatas sa seksyong ito ay magreresulta sa hindi pagbabayad ng mga pondo ng grant.
18. PAGKAKUMPIDENSYAL – Para maipatupad ang mga layunin ng Kasunduang ito, posibleng hilingin ng GRANTEE ang access sa ilang partikular na kumpidensyal na impormasyon ng DISTRITO (kasama ang mga trade secret, imbensyon, kumpidensyal na kaalaman, kumpidensyal na impormasyon sa negosyo, at iba pang impormasyon na itinuturing na kumpidensyal ng DISTRITO) (sa kabuuan, "Kumpidensyal na Impormasyon"). Tuwirang naaunawaan at pinagkakasunduan na ang DISTRITO ay maaaring magtalaga sa malinaw na paraan ng Kumpidensyal na Impormasyon, na nakuha ito ng GRANTEE sa DISTRITO, at sumasang-ayon ang GRANTEE sa mga sumusunod:

HALIMBAWA

HALIMBAWA

A. Magpatupad ng ganap na pagkakumpidensyal hinggil sa nasabing impormasyon, kasama nang walang limitasyon, at sumasang-ayon na hindi magbunyag o kung hindi naman ay pahintulutan ang pag-access sa nasabing impormasyon ng sinumang iba pang tao o anumang iba pang entity sa anumang paraan, maliban na lang kung ang nasabing pagbubunyag o pag-access ay pinapahintulutan sa mga empleyado ng GRANTEE na humihiling ng pag-access sa pagpapatupad ng mga serbisyong ibinibigay sa Kasunduang ito.

B. Tiyakin na ang mga opisyal, empleyado, ahente, kinatawan, subgrantee, at independent na contractor ng GRANTEE ay naabisuhan tungkol sa kumpidensyal na katangian ng nasabing impormasyon at tiyaki sa pamamagitan ng kasunduan o iba pang paraan na sila ay pinagbabawalan na kopyahin o ibunyag, para sa anumang dahilan, ang mga nilalaman ng nasabing impormasyon o anumang bahagi nito, o sa paggawa ng anumang pagkilos na pinagbabawal sa seksyong ito.

C. Hindi gamitin ang nasabing impormasyon o anumang bahagi nito sa pagsasagawa ng mga serbisyo sa iba o para sa benepisyo ng iba sa anumang paraan, ibibigay man ito nang walang bayad o para sa mahalagang pagsasaalang-alang, maliban na lang kung pinapahintulutan alinsunod sa Kasunduang ito.

D. Abisuhan kaagad ang DISTRITO at sa pamamagitan ng pagsulat tungkol sa mga sitwasyon sa pagkakaroon, paggamit, o kaalaman ng nasabing impormasyon o anumang bahagi nito sa sinumang tao o entity maliban sa mga awtorisado ng seksyong ito. Maisakripisyo ang GRANTEE, pero sa opsyon ng DISTRITO at sa anumang pangyayari sa kontrol ng DISTRITO, sa anumang legal na pagkilos na kinakailangan para maiwasan ang hindi awtorisadong paggamit ng nasabing impormasyon ng anumang ikatlong partido o entity na nagkaroon ng access sa nasabing impormasyon, at sa bahagi nito dahil sa pagkukulang ng GRANTEE.

E. Magsagawa ng anuman at lahat ng iba pang pagkilos na kinakailangan o ginugusto para matiyak ang pagkakumpidensyal at proteksyon ng nasabing impormasyon sa terminong ito ng Kasunduan at pagsunod sa pag-expire at pagwawakas ng Kasunduan.

F. Pigilan ang pag-access sa mga nasabing materyal ng isang tao o entity na hindi awtorisado alinsunod sa Kasunduang ito.

G. Pagtatalaga ng mga partikular na pamamaraan para matupad ang mga obligasyon sa seksyong ito.

19. MGA KARAPATAN SA INTELEKTWUAL NA PAG-AARI - Ang titulo at ganap na karapatan sa pag aari sa lahat ng intelektuwal na pag-aaring nabuo alinsunod sa Kasunduang ito, ay mananatili sa lahat ng pagkakataon sa DISTRITO, maliban na lang kung iba ang pagkakasunduan sa kasulatan.

20. PAG-PUBLISH

A. Aaprubahan ng DISTRITO sa pamamagitan ng pagsulat ang anumang ulat o iba pang dokumentong inihanda ng GRANTEE kaugnay ng pagsasagawa nito alinsunod sa Kasunduang ito bago ang diseminasyon o pag-publish ng nasabing ulat o dokumento sa isang ikatlong partido. Puwedeng bawiin ng DISTRITO sa pamamagitan ng pagsulat ang ipinag-aatas nito para sa paunang pag-apruba.

B. Hangga't hindi naaaprubahan ng DISTRITO, ang anumang ulat o iba pang dokumentong inihanda ng GRANTEE ay dapat may malinaw na header, footer, o watermark sa bawat pahina na nagsasabing "DRAFT – Hindi Nasuri o Naaprubahan ng BAAQMD (DRAFT – Not Reviewed or Approved by BAAQMD)," maliban na lang kung binawi ng DISTRITO ang ipinag-aatas nito para sa paunang pag-apruba alinsunod sa talata A ng seksyong ito.

C. Ang impormasyon, data, mga dokumento, o ulat na nabuo ng GRANTEE para sa DISTRITO, alinsunod sa Kasunduang ito, ay magiging bahagi ng pampublikong talaan ng DISTRITO, maliban na lang kung hindi ganito ang binabanggit. Puwedeng gamitin o i-publish ng GRANTEE, sa sarili nitong gastos, ang nasabing impormasyon, kung pauna nang aaprubahan ng DISTRITO ang paggamit ng nasabing impormasyon. Ang sumusunod na pagkilala ng suporta at disclaimer ay dapat makita sa bawat pag-publish ng mga materyal, naka-copyright man o hindi, batay sa o nabuo alinsunod sa Kasunduang ito.

"Ang ulat na ito ay inihanda bilang resulta ng trabahong sponsored, binabayaran, sa kabuuan o bahagi, ng Bay Area Air Quality Management District (District). Ang mga opinyon, napag-alaman, konklusyon, at rekomendasyon ay mula sa mga may-akda at hindi nangangahulugang kumakatawan sa mga pananaw ng Distrito. Ang Distrito, mga opisyal, empleyado, contractor, at subcontractor nito ay hindi gumagawa ng garantiya, tuwiran o ipinahiwatig man, at hindi umaako ng legal na pananagutan para sa impormasyon sa ulat na ito."

D. Aabisuhan ng GRANTEE ang mga opisyal, empleyado, subgrantee, at subcontractor nito na nauugnay sa pagsasagawa ng Kasunduang ito tungkol sa mga paghihigpit na nilalaman nito at dapat nitong ipag-atas ang pagsunod sa mga binabanggit sa itaas.

21. PAG-AARI AT SEGURIDAD - Sa paraang hindi nalilimitahan ang mga obligasyon ng GRANTEE hinggil sa seguridad, dapat sumunod ang GRANTEE sa lahat ng panuntunan at regulasyong ipinapatupad ng DISTRITO para sa pag-access at aktibidad sa at tungkol sa premises ng DISTRITO.

22. PAGTATALAGA - Walang partido ang dapat magtalaga, magbenta, maglisensya, o kung hindi naman ay maglipat ng anumang karapatan o obligasyon alinsunod sa Kasunduang ito sa isang ikatlong partido nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng kabilang partido, at mapapawalang-bisa ang pagsubok na gawin ito sa mismong pagsasagawa pa lang nito.

23. WAIVER - Walang waiver sa isang paglabag, sa hindi pagtupad sa anumang kundisyon, o tungkol sa anumang karapatan o remedyong nakasaad o ibinigay ng mga probisyon ng Kasunduang ito ang magkakaroon ng bisa maliban na lang kung nakasulat ito at nilagdaan ng partidong bumabawi sa paglabag, hindi pagtupad, karapatan, o remedyo. Walang waiver sa anumang paglabag, hindi pagtupad, karapatan, o remedyo ang dapat ituring na isang waiver sa anumang iba pang paglabag, katulad man o hindi nito, o walang anumang waiver ang dapat bumuo sa isang patuloy na pagbawi maliban na lang kung tinutukoy sa kasulatan. Bukod pa rito, ang pagkabigo ng isang partido na ipatupad ang pagsasagawa ng anumang iba pang partido ng anumang tuntunin, kasunduan, o kundisyon ng Kasunduang ito, at ang pagkabigo ng isang partido para gamitin ang anumang karapatan o remedyong binabanggit dito, ay hindi dapat ituring

HALIMBAWA

na waiver o pagbawi ng partidong iyon para ipatupad ang pagsasagawa sa hinaharap ng mga nasabing tuntunin, kasunduan, o kundisyon, o para gamitin ang anumang mga karapatan o remedyo sa hinaharap.

24. FORCE MAJEURE - Wala sa DISTRITO o GRANTEE ang magkakaroon ng pananatugan para sa o ituturing na may kakulangan para sa anumang pagkaantala o pagkabigo sa pagsasagawa alinsunod sa Kasunduang ito o pagkakaantala ng mga serbisyo na nagreresulta, nang direkta o hindi direkta, sa mga gawa ng Diyos, kalaban o marahas na pagkilos ng pamahalaan, sibil na komosyon, mga strike, lockout, hindi pagkakasundo sa paggawa, sunog o iba pang insidente, kautusan ng hukuman, pagkontrol ng pamahalaan, mga regulasyon o paghihigpit, kawalan ng kakayahan ng makakuha ng paggawa o materyal, o makatuwirang pamalit para sa paggawa o mga materyal na kinakailangang para sa pagsasagawa ng mga serbisyong ito, o iba pang dahilan, maliban sa pinansyal, na hindi makatuwirang makokontrol ng DISTRITO o GRANTEE, para sa isang yugto ng panahon na katumbas ng force majeure na pangyayari, nang isinasaaalang-alang na ang partidong nabigo ay nag-abiso sa kabilang partido sa loob ng labinlimang araw mula sa pagtuklas ng force majeure na pangyayari, at nang isinasaalang alang na isinagawa ng partido ang lahat ng makatuwirang pagkilos para sa mitigasyon ng mga pinsala na nagreresulta sa pagkabigo sa pagsasagawa. Nang hindi isinasaalang-alang ang binabanggit sa itaas, kung ang dahilan ng force majeure na pangyayari ay dahil sa sariling pagkilos o hindi pagkilos ng partido, hindi maaabswelto sa pagsasagawa alinsunod sa Kasunduan na ito ang nasabing dahilan.
25. SEVERABILITY - Kung mapapatunayan ng isang hukumang nasa naaangkop na hurisdiksyon na ang anumang probisyon sa Kasunduang ay ilegal, hindi dapat ipatupad, o walang bisa, sa kabuuan o sa bahagi nito para sa anumang dahilan, hindi maapektuhan ang bisa at pagpapatupad ng mga natitirang probisyon, o bahagi ng mga ito.
26. MGA HEADING - Ang mga heading sa mga seksyon at talata ng Kasunduan na ito ay para sa ginhawa at sanggunian lang, at ang mga salitang nilalaman dito ay hindi dapat magpaliwanag, magbago, magbigay-diin, o magtustos sa interpretasyon, pagkakabuo, o kahulugan ng mga probisyon ng Kasunduang ito.
27. MGA COUNTERPART/FACSIMILE/SCAN – Ang Kontratang ito ay puwedeng ipatupad at ihatid sa anumang dami ng mga counterpart, kung saan ang bawat isa, kapag ipinatupad at inihatid, ay maituturing na orihinal, at lahat ay dapat bumuo ng parehong kontrata. Puwedeng umasa ang mga partido sa facsimile na kopya o na-scan ng kopya na may lagda ng anumang partido, bilang orihinal para sa lahat ng layunin.
28. NANGANGASIWANG BATAS - Ang anumang hindi pagkakasundo na dahil o nauugnay sa Kasunduang ito ay dapat pangasiwaan ng batas ng California, maliban sa anumang batas na nagdidirekta sa aplikasyo sa bata ng ibang hurisdiksyon. Ang lugar para sa resolusyon ng anumang hindi pagkakasundo dahil sa o alinsunod sa o kaugnay ng Kasunduang ito, kasama ang pagpapamagitan, ay dapat isagawa ng San Francisco, California.
29. BUONG KASUNDUAN AT PAGBABAGO - Kinakatawan ng Kasunduan na ito ang pinal, kumpleto, at eksklusibong pahayag sa pagitan ng mga partido at nangingibabaw ito sa lahat at kaalinsabay na pag-unaawa at kasunduan ng mga partido. Walang partido ang pinilit na sumang-ayon sa Kasunduang ito, at walang anumang partido ang umaasa sa, anumang pagkakatawan o garantiya maliban sa mga tuwirang nakatakda rito.

HALIMBAWA

Ang Kasunduang ito ay puwede lang baguhin sa pamamagitan ng isang mutuwal na kasunduan ng mga partido sa pamamagitan ng pagsulat at paglagda ng magkabilang partido.

30. SURVIVAL NG MGA TUNTUNIN - Ang mga probisyon ng mga seksyon 7 (Pagbabayad-pinsala), 15 (Access sa Pag-audit / Mga Talaan), 16 (Pagbawi ng Mga Pondo ng Grant / Pagbabayad ng Mga Pondong Hindi Wastong Nagastos), 18 (Pagkakumpidensyal), 19 (Mga Karapatan sa Intelektwal na Pag-aari), at 20 (Pag-publish) ay hindi mawawalan ng bisa sa pag-expire o pagtatapos ng Kasunduang ito.

SA PAMAMAGITAN NITO, idinudulot ng mga partido sa Kasunduang ito na magkaroon ng bisa ang Kasunduang ito sa ngalan ng kanilan awtorisadong kinatawan.

HALIMBAWA